

ANG UNITED NATIONS SECURITY COUNCIL RESOLUTION 1325 TUNGKOL SA KABABAIHAN, KAPAYAPAAAN, AT SEGURIDAD

Ang Security Council Resolution 1325 ay nagkakaisang ipinasa ng mga kasapi ng UN Security Council noong Oktubre 31, 2000 (S/RES/1325). Ito ang kauna-unahang resolusyon na ipinasa ng Security Council na tumutugon sa epekto ng digmaan sa kababaihan at kumikilala sa kontribusyon ng kababaihan sa paglutas ng mga kaguluhan at pagtatamo ng pangmatagalang kapayapaan.

Ang Security Council,

Sang-ayon sa resolusyong 1261 (1999) na ipinasa noong Agosto 25, 1999, 1265 (1999) na ipinasa noong Setyembre 17 1999, 1296 (2000) na ipinasa noong April 19, 2000 at 1314 (2000) na ipinasa noong August 11, 2000; pati na ang kaugnay na pahayag ng Pangulo nito; at sang-ayon din sa pahayag ng Pangulo sa midya sa okasyon ng Araw ng Karapatan ng Kababaihan at Araw ng Pandaigdigang Kapayapaan noong Marso 8, 2000 (SC/6816),

Sang-ayon din sa mga panawagan ng Beijing Declaration at Platform for Action (A/52/231) pati na ang mga kasunduan sa opisyal na dokumento ng ika-23 Espesyal na Sesyon ng United Nations General Assembly na tinawag na "Women 2000: Gender Equality, Development and Peace for the twenty-first century" (*Kababaihan 2000: Pagkakapantay ng Kababaihan at Kalalakihan, Kaunlaran, at Kapayapaan para sa ika-21 Siglo*) (A/S-23/10/Rev.1), sa partikular yaong tumutukoy sa kababaihan at armadong labanan,

Dapat na tandaan na ang layunin at prinsipyo ng Charter ng United Nations at ang pangunahing responsibilidad ng Security Council sa ilalim ng Charter para sa pagpapanatili ng pandaigdigang kapayapaan at seguridad,

Sa pag-aalalang ang mga sibilyan, lalo na ang mga babae at mga bata ang higit na naaapektuhan ng armadong labanan, kasama ng mga nawalan ng tirahan, ay patuloy pang tinatarget ng mga armadong grupo, kinikilala din ang pangmatagalang epekto nito sa pangmatagalang kapayapaan at pagkakasundo,

Pinagtitibay ang mahalagang papel ng kababaihan sa pag-iwas at paglutas ng kaguluhan at sa pagsusulong ng kapayapaan, at binibigyang diin ang kahalagahan ng kanilang pantay na paglahok sa lahat ng pagkilos para sa pagpapanatili at pagpapalaganap ng kapayapaan at seguridad, at ang pangngailangan na palakihin ang kanilang papel sa pagpapasya tungkol sa pag-iwas at paglutas ng kaguluhan,

Pinagtitibay din ang pangangailangan na ganap na ipatupad ang mga batas hinggil sa karapatang pantao na nagpoprotekta sa mga karapatan ng mga kababaihan at kabataang babae sa panahon ng digmaan at maging pagkatapos nito,

Binibigyang-diin ang pangangailangan na lahat ng mga grupong naglalaban ay magtiyak na tanggalin ang mga landmines at magsulong ng kamulatan hinggil dito habang isinasang-alang-alang ang natatanging pangangailangan ng kababaihan at kabataang babae,

Kinikilala ang kagyat na pangangailangan para unawain ang pagkakaiba ng kababaihan at kalalakihan sa mga operasyong nangangalaga ng kapayapaan, at sa kalagayang ito, tumutugon sa Windhoek Declaration at sa Namibia Plan of Action on Mainstreaming a Gender Perspective in Multidimensional Peace Support Operations (S/2000/693),

Kinikilala rin ang kahalagahan ng rekomendasyong nakasaad sa pahayag ng Pangulo sa midya noong Marso 8, 2000 para sa espesyal na pagsasanay ng mga kagawad ng United Nations na tagapangalaga ng kapayapaan tungkol sa proteksyon, mga espesyal na pangangailangan at karapatang pantao ng kababaihan at mga bata sa panahon ng kaguluhan, **Kinikilala** na ang pag-unawa sa epekto ng armadong labanan sa kababaihan at kabataang babae, epektibong kasunduan sa pagitan ng mga institusyong kasangkot upang matiyak ang kanilang proteksyon at aktibong paglahok sa prosesong pangkapayapaan ay makakatulong ng malaki sa pagpapanatili at pagsusulong ng pangdaigdigang kapayapaan at seguridad,

Kinikilala ang pangangailangan na sinupin ang datos hinggil sa epekto ng armadong labanan sa kababaihan at kabataang babae,

1. **Tinatawagan** ang mga Kasaping Estado na tiyakin ang ibayong representasyon ng kababaihan sa lahat ng antas ng pagpapasya sa pambansa, pang-rehiyon at pang-internasyonal na institusyon at mga mekanismo para sa pag-iwas, pamamahala at paglutas ng kaguluhan;

2. **Hinihikayat** ang Secretary-General na ipatupad ang kanyang estratehikong plano ng pagkilos (A/49/587) na nananawagan para sa ibayong paglahok ng kababaihan sa mga antas ng pagpapasya sa paglutas ng kaguluhan at sa mga prosesong pangkapayapaan;

3. **Tinatawagan** ang Secretary-General na mag-atas ng mas maraming kababaihan bilang espesyal na kinatawan na magsusulong ng kanyang mga layunin, at sa ganitong kalagayan, manawagan sa mga Kasaping Estado upang magbigay ng pangalan ng mga kandidato para sa mga nabanggit na posisyon para maisali ang mga ito sa regular na listahan ng mga pinagpipilian;

4. **Tinatawagan** pa rin ang Secretary-General na palawakin nito ang papel at kontribusyon ng kababaihan sa operasyon ng United Nations, at lalo na sa mga tagamasid na militar, pulis, at mga kagawad sa larangan ng karapatang pantao;

5. **Ipinahahayag** ang kagustuhang isama ang pananaw na nagsasaalang-alang sa pagkakaiba ng mga kasarian sa mga operasyong nagpapalaganap ng kapayapaan at hinihikayat ang Secretary-General na tiyakin lagi ito;

6. **Pinakikiusapan** ang Secretary-General na magbigay ng mga gabay sa pagsasanay, kagamitan at babasahin sa mga sa mga Kasaping Estado hinggil sa pangangalaga, karapatan at mga partikular na pangangailangan ng kababaihan, pati na ang kahalagahan ng paglahok ng mga ito sa lahat ng programa sa nagpapalaganap ng kapayapaan, ina-anyayahan ang mga Kasaping Estado na tiyakin na ang mga ito pati na ang pagsasanay upang mapataas ang antas ng pang-unawa sa HIV/AIDS ay bahagi ng mga pambansang programa sa pagsasanay para sa mga militar at pulis bilang paghahahanda bago sila magsagawa ng operasyong pangkapayapaan at pinakikiusapan din ang Secretary-General na tiyakin nito na pati ang mga kagawad na sibilyan sa mga operasyong pangkapayapaan ay kalahok din sa mga katulad na pagsasanay;

7. **Tinatawagan** ang mga Kasaping Estado na dagdagan ang kanilang boluntaryong kontribusyong pinasyal, teknikal at lohistikal na suporta para sa pagsasanay sa pagkakaiba ng mga kasarian (*gender-sensitivity*), kasama na yaong isinasagawa ng ibang institusyon pati na ang United Nations Fund for Women at United Nations Children's Fund, gayundin ang United Nations High Commissioner for Refugees at iba pang mahahalagang ahensya;

8. **Tinatawagan** ang lahat ng indibidwal at grupo na kasali sa usaping pangkapayapaan at seguridad, na sa kanilang pag-uusap at pagpapatupad ng kasunduang pangkapayapaan isaalang-alang ang pagkakaiba ng kasarian pati na: (a) Ang espesyal na pangangailangan ng kababaihan at mga batang babae habang ang mga ito ay bumabalik sa kanilang mga bansa o komunidad at nagsasa-ayos ng tirahan pagkatapos ng labanan; (b) Programang sumusuporta sa mga inisyatibang lokal pati na ang katutubong paraan sa paglutas ng kaguluhan, tiyakin na ang mga kakababaihan ay kalahok sa lahat ng programang nagpapatupad ng mga kasunduang pangkapayapaan; (c) Programang nagtitiyak ng proteksyon at paggalang sa karapatang pantao ng kababaihan at mga batang babae, partikular yaong nakasaad sa konstitusyon, sa sistemang panghalalan, sa pulisya at sa hukuman;

9. **Tinatawagan** ang lahat ng kalahok sa armadong labanan na igalang ang mga pandaigdigang batas na nagsasaalang-alang sa karapatan at proteksyon ng kababaihan at mga batang babae bilang sibilyan, particular ang mga obligasyon sa ilalim ng Geneva Conventions ng 1949 at ang Additional Protocols ng 1977, ang Refugee Convention ng 1951 at ang Protocol ng 1967, ang Convention Security Council - 5 - Press Release SC/6942 4213th Meeting (PM) ng Oktubre 31, 2000 hinggil sa Elimination of All Forms of Discrimination against Women ng 1979 at ang Optional Protocol ng 1999 at ang United Nations Convention on the Rights of the Child ng 1989

at ang dalawang Optional Protocol ng Mayo 25, 2000, at tandaan ang mahahalagang probisyon ng Rome Statute ng International Criminal Court;

10. **Tinatawagan** ang lahat ng kalahok sa armadong labanan na magsagawa ng mga espesyal na hakbang para proteksyonan ang kababaihan at mga batang babae laban sa mga karahasan lalo na ang panggagahasa at iba pang abusong sekswal, at lahat ng iba pang anyo ng karahasan sa panahon ng armadong labanan;

11. **Binibigyang-diin** ang responsibilidad ng lahat ng Estado na dapat na managot ang lahat ng nagkasala sa sangkatauhan at dapat na usigin ang mga nagsagawa ng malawakang pagpatay, yaong may mga krimen sa sangkatauhan, krimen sa panahon ng digmaan pati na yaong karahasang sekswal laban sa mga kababaihan at mga batang babae, at sa kalagayang ito, bibigyang-diin ang kahalagahang hindi isali ang mga ito sa mga amnestiya;

12. **Tinatawagan** ang lahat ng kalahok sa armadong labanan na igalang ang sibilyan at makataong katangian ng mga refugee camps at mga pansamantalang tirahan, at isa-alang-alang ang partikular na pangangailangan ng mga kababaihan at mga batang babae sa pagpa-plano ng mga ito, sa gabay ng resolusyong 1208 (1998) ng Nobyembre 19, 1998;

13. **Hinihikayat** lahat ng kalahok sa pagpa-plano ng pagtatanggal ng armas, pagpapatigil ng mobilisasyon at pag-babalik sa lipunan ng mga armadong grupo, na isa-alang-alang ang iba-ibang pangangailangan ng mga dating armadong babae at lalaki at isa-alang-alang din ang pangangailangan ng kanilang mga pamilya;

14. **Pinagtitibay** ang kahandaan na magsagawa ng mga hakbang sa ilalim ng Article 41 ng Charter ng United Nations, na isa-alang-alang ang potensyal na epekto sa populasyong sibilyan, habang tinatandaan ang espesyal na pangangailangan mga kababaihan at mga batang babae at iba pang makataong pangangailangan.

15. **Ipinapahayag** ang kahandaang tiyakin na ang mga misyon ng Security Council ay magsa-alang-alang ng pagkakaiba ng mga kasarian at karapatan ng kababaihan, gayundin ng pagkonsulta sa mga lokal at pangdaigdigang organisasyong pangkababaihan;

16. **Inaanyayahan** ang Secretary-General na magsagawa ng pag-aaral hinggil sa epekto ng armadong labanan sa mga kababaihan at mga batang babae, sa papel ng kababaihan sa pagpapalaganap ng kapayapaan, at sa pagkakaiba ng ng pananaw ng mga kasarian hinggil sa prosesong pangkapayapaan at paglutas ng kaguluhan, inaanyayahan pa rin ang Secretary-General na magsumite ng ulat sa Security Council hinggil sa resulta ng pag-aaral na ito at magbigay ng kopya nito sa lahat ng Kasaping Estado ng United Nations;

17. **Pinakikiusapan** ang Secretary-General na kung saan maaari, isama sa kanyang pag-uulat sa Security Council, ang epekto ng pagsasa-alang-alang sa pagkakaiba ng mga kasarian sa mga operasyong pangkapayapaan at gayundin ang lahat ng aspetong may kinalaman sa mga kababaihan at mga batang babae;

18. **Nagpapasyang** manatiling nagpapahalaga sa usaping ito.